# HUMANITY NEWS

TOWARDS THE FRIENDSHIP OF CITIZENRY

Vol. V No. 44 OCTOBER 4-10,2021 P 10.00 ISSN No.: 2672-3034




**Vice Mayor Ony Cantimbuhan**
*Imus City, Cavite*

# DEPED, DOH SIGN JOINT CIRCULAR ON PILOT FACE-TO-FACE CLASSES



MANILA – The Department of Education (DepEd) and the Department of Health (DOH) on Monday signed a joint memorandum circular outlining the guidelines for the pilot implementation of face-to-face classes for basic education in areas identified as "low risk" for the coronavirus.

During the virtual ceremonial signing, Education Secretary Leonor Briones said the two departments worked together in crafting the operational guidelines of limited face-to-face classes to safely reopen schools amid the pandemic.

"Our utmost priority is the health and safety of our learners and teachers while ensuring that learning happens and learning gaps are addressed. We have been proactive in planning for safe return to schools," Briones said.

The DepEd also consulted with various stakeholders -- child (cont. P.4)

# DTI-Laguna spearheads LSP-NSB in Majayjay




Majayjay, Laguna – The Department of Trade and Industry – Laguna Provincial Office, in cooperation with the Local Government Unit of Majayjay and the Office of Cong. Benjamin C. Agarao, Jr., forefronts the Livelihood Seeding Program – Negosyo Serbisyo sa Barangay (LSP-NSB) in the municipality of Majayjay, Laguna.

In connection, sixty (60) beneficiaries from ten (10) barangays in the said municipality were able to receive livelihood kits related to their existing businesses. Further, the Office of Cong. Benjamin C. Agarao, Jr. provided a PhP 1,000.00 worth of additional capital for the beneficiaries to prevail over the onset of the COVID-19 pandemic.

The Livelihood Seeding Program – Negosyo Serbisyo Sa Barangay (LSP-NSB) is a program of DTI that allows a wider reach of business development assistance by bringing government services closer to the people through partnerships between relevant local government units and (cont. P.5)




*Nagsimula ang Virtual Job Fair para sa mga senior high school graduates na pinangunahan ng Public Employment Service Office. Kasama sa virtual launching sina Mayor Lani Mercado Revilla, Deputy Speaker Strike B. Revilla, at Dr. Editha Atendido ng Department of Education. Kabilang sa mga kumpanya na sumali sa job fair ang Gen One, Concentrix, at Waltermart.*

**ADVERTISE WITH US! Contact Number: 09460039850 E-mail Address: humanitynews@yahoo.com**

# MATAAS NA KALIDAD NG MGA FACE SHEILDS ANG IPINAMAHAGI SA MGA HCWs - DOH



Inilahad ng DOH ang mga PPEs o protective personal equipments partikular na ang mga face shields na kanilang ipinamamahagi sa mga healthcare workers (HCWs) ay maayos at mataas ang kalidad.

"As far as DOH is concerned, whatever we were able to deliver to all of our healthcare workers are in good condition." saad ni DOH Undersecretary Maria Rosario Vergeire sa idinaos na public briefing kahapon.

Ayon pa kay Vergeire, hindi umano tumatanggap ng mga depektibong kagamitan at suplay ang DOH.

Ito ay inihayag ng opisyal ng DOH matapos isiwalat ng isang hindi pinangalanang saksi ang katiwalaang ginawa ng Pharmally Pharmaceutical Corporation kung saan substandard na face shields umano ang natanggap ng DOH.

Ang mga substandards at repacked na face shields ay naipamahagi sa mga HCWs.

Kinumpirma rin ng saksi na pinalitan nila ang expiration date stickers ng mga face shields.

Ipinaliwanag naman ni Vergeire sa publiko na ang mga medical grade face shields ay may shelf-life rin kung saan unang nasisira ang mga foams na nakalagay sa itaas na bahagi ng face shields upang magprotekta sa ating mga noo.

"We have to validate if these deliveries were really substandard. We just leave it to our legislators and let's wait for the results of their investigation." dagdag pa ng opisyal ng DOH.

## IKA-APAT NA FARM... (from p. 4)

ang naturang proyekto ng DAR.

"Tinuruan din ang mga magsasaka kung paano gumawa ng isang farm plan. Sa pamamagitan ng isang plano sa bukid, ang isang magsasaka ay maaaring pag-aralan at ihanda kung ano ang nararapat gawin sa kanyang lupang sakahan at gamitin ang tamang mga diskarte upang kumita ng higit pa at upang matukoy kung ano ang dapat nilang itanim base sa umiiral na panahon, " pahayag niya.

# 4,000 EDUCATIONAL KITS, IPINAMAHAGI SA MGA ESTUDYANTE NG DAY CARE CENTER SA TANZA



Nasa 4,000 educational kits ang ipinamahagi ng lokal na pamahalaan ng Tanza sa mga mag-aaral sa mga Day Care Center ng kanilang bayan.

Ang pamamahagi ay isinagawa bilang parte ng pagsisimula ng klase para sa taong 2021-2022.

Dahil wala pang face-to-face classes, ang mga magulang ang kumuha ng educational kits at school supplies paa sa kanilang mga anak.

Samantala, namahagi rin ang LGU ng tig-isang laptop unit para sa Day Care workers, na kanilang magagamit sa pagtuturo habang patuloy ang Distance Learning education.**(GO CAVITE)**



*Nakibahagi si Cong. Stike Revilla sa pagpapasinaya ng Flood Risk Management Project for Cagayan River, Tagoloan River and Imus River (FRIMP-CTI), Imus River Sub-Project ng DPWH na ginanap sa Buhay na Tubig Road, City of Imus. This first-of-its-kind manmade flood control reservoir project in the country will serve as a storage pond to contain flood waters during a storm event, according to the Department of Public Works and Highways. Ang Flood Risk Management Project-Imus River ay bahagi ng Build Build Build Program ng pamahalaan na naglalayong pangalagaan ang 'core areas' sa lalawigan ng Cavite sa pamamagitan ng pagpapatupad ng 'structural and non-structural measures for flood mitigation and climate change adaptation'. Magiging napakalaking tulong po nito sa ating mga taga-Cavite, lalo na at napapadalas ang matinding pagbaha tuwing tag-ulan. Ilan po sa ating mga nakasama sina DPWH Secretary Mark Villar, Mr. Eigo Azukizawa (Chief Representative of JICA or Japan International Cooperation Agency), H.E. Kazuhiko Koshikawa (Ambassador of Japan to the Philippines), Cavite Governor Jonvic Remulla, at Dir. Ramon Arriola III (Project Director, DPWH-UPMO-FCMC).*

Humanity news publication is an English/Filipino Weekly Published every Monday Province of Cavite

HUMANITY NEWS
TOWARDS THE FRIENDSHIP OF CITIZERY

Main Office:
667 Bayan Luma 5 Imus City, Cavite
Contact Number:
09497849109/09075029643
E-mail Address:
humanitynews@yahoo.com

**AURELIO P. BAUTISTA**
PUBLISHER/EDITOR-IN-CHIEF

**LEXTER LUMAS BAGAPORO**
BUSINESS MANAGER

**VER C. BAUTISTA**
EXECUTIVE OFFICER

**MARICAR D. LUMAS**
LAY-OUT ARTIST


**GRETHSEL B. LUMAS**
ACCOUNT EXECUTIVE

All Rights Reserved: No part of this publication may be copied or reproduced or transmitted nor translated in any form for commercial purpose without prior written permission from the publisher and its writers/ columnist.

Note: All news articles by the writers are entirely their own and do not reflect the opinion of the Publisher, Management and Editor of this Publication.

MEMBER:
PRIME ALLIANCE OF PUBLISHERS, EDITORS, & REPORTERS of the Philippines Inc.
PAPER.Ph
Est 2019

Subscription Rates: 1 year 52 Issues = Php 520.00
Legal Notices: 1 col. Per cm. rates = Php 160.00
Advertisement Rate: Per column = Php 200.00



**MAKATANG KABITENYO**
**DLSU-DASMARIÑAS AWARDEE**
**MAKATANG KABITENYO 1999**
**F&A.M LINCOLN LODGE # 34**
**DOCTOR OF HUMANITIES (HONORIS CAUSA)**
**DR. AURELIO PAREDES BAUTISTA**

# ANG DIYOS

1. Ang Diyos di kilala ng sinumang tao,
Tinatawag na God, Allah, Ang Sagrado,
Sa anumang tawag Siya ang pinipiho,
Piho lang sa tawag pero di matanto.

2. Native American nang sila'y aralan
Na tanggapin ang Diyos ng puting dayunan,
Nagsabing, "Tanggapin ba namin ang ganyan
Saka maging sanhi ng pagtatalunan?"

3. Ang daigdig natin dumako sa liko,
Muslim at Kristiyano'y laging nagbubunggo,
Pinag- aawayan Langit na pangako,
At ang samba sa Diyos lalong napalayo.

4. Marami ng dahas ang mga nangyari,
At ang una dito'y Twin Tower Tragedy,
Mga aerial bombing kay bilis nangyari,
Iraq, Afghanistan dinurog sa ganti.

5. Sumabog sa Bali, saka sa Espanya,
Bomba sa Pakistan, laban sa Europa,
Ang drone ay may rocket at maraming bomba,
Palitang higanti ang nagiging bunga.

6. Ang lahat ng bagay, nangyayari lamang
Dahil mga bagay, Kanyang pinayagan,
Di man Kanyang plano't sa nilikha lamang,
Nangyayari na rin, pagsubok sa tanan.

7. Sa panahon natin dapat na mag-isip
Kung ating relihiyon sa buti nagamit,
Aanhin ang lakas na dala'y pasakit,
Mas may mapapala kung tayo'y mabait.

8. Patuloy ang ikot ng ating daigdig,
Subalit lipunan ay di matahimik,
Kung nagsikap lamang na tayo'y manalig,
Saka magmahalan, mundo man ay Langit.

HUMANITY NEWS
TOWARDS THE FRIENDSHIP OF CITIZENRY



# DENR CALABARZON conducts clean-up of water hyacinth in Angono River







*DENR CALABARZON Regional Executive Director Nilo B. Tamoria leads the regional department in the conduct of a clean-up activity in Angono River.*

The Department of Environment and Natural Resources (DENR) CALABARZON and the Provincial Environment and Natural Resources Office (PENRO) of Rizal conducted a river clean-up activity at Lakeside Eco-Park, Brgy. San Vicente, Angono, Rizal on September 17, 2021, in celebration of the International Coastal Clean-up (ICC) Day observed every third Sunday of September of each year. The theme of this year's celebration is "Understand and Beat Marine Pollution".

Led by DENR CALABARZON Regional Executive Director Nilo B. Tamoria, a total of 46 personnel from the regional and provincial department participated in the activity. Rizal PENRO Ramil R. Limpiada, PENRO Technical Services Division Chief Ernesto M. Diso, Jr., and Manila Bay Site Coordinating and Management Office (MBSCMO) - Rizal Site Coordinator Marilyn B. Paunil also graced the event. The barangay government headed by Hon. Domingo P. Perez and the local River Rangers also joined.

The volunteers collected a total of 615 kg water hyacinth and 75 kg assorted waste composed of straw, plastic cups, plastic bottles, plastic bag, diaper and styrofoam. The collected wastes were hauled by the Municipal garbage collectors for proper disposal.

MBSCMO-Rizal staff, Jenesis P. Erana said Angono River is one of the major river systems connected to Laguna Lake where water hyacinth are observed. Per recent assessment made by the DENR National Capital Region, the water hyacinth proliferating in Laguna Lake and its tributaries eventually float towards the Napindan Channel, Pasig River, and Manila Bay.

Early in August 2021, Environment Secretary Roy A.Cimatu ordered the immediate removal and control of water hyacinth in Manila Bay area. "Part of phases of the operational plan (for the Manila Bay Rehabilitation Program) is to clean the baywalk from garbage. When garbage continue to flow, hindi talaga masa-satisfy ang standard. We must prevent at all cost the entry of garbage to baywalk," Cimatu said while referring to the recent garbage issues in Manila Bay, particularly, the flow of water hyacinth from Laguna and Rizal, and bamboo poles from illegal aquaculture structures in Cavite, towards the Bay.

DENR CALABARZON encourages the public to join the regional department in its advocacy to rehabilitate Manila Bay and the coastal areas of the region by regularly conducting clean-ups within and outside their respective homes and by exercising ecological solid waste management practices such as waste segregation-at-source, proper waste disposal, composting of biodegradable waste, and recycling.###




*Isinagawa ang project launching ng DOST Technology in the Region for Upscaling of Community Knowledge (TRUCK) sa Magallanes Public Market Compound, Brgy San Agustin, Magallanes*



## *Pagbati Mula kina:*



**Mayor Jose Voltaire Ricafrente**
*Rosario, Cavite*



**Mayor Lani M. Revilla**
*Bacoor, Cavite*



# FAMOUS PERSONALITIES

*BY*

***NICO & NIELSEN BAUTISTA***

**FERDINAND MAGELLAN** - SSiya ay isang Portuguese na naglingkod sa Hari ng Spain upang tuklasin ang panibagong ruta sa dagat patungo sa Silangan, gamit ang di pa alam na ruta mula sa Kanluran. Napatay siya sa Mactan noong 1521.



# LET THERE BE LIGHT!

**By**

**ENG'R. VER CAMPAÑA BAUTISTA**

*F & A.M. Luis Olimpo Ferrer Lodge 366*

**CARMEN -Ang Carmen, Silang ay nayon na isinunod sa banal na lugar ng Carmen sa Europa at pinagmulan ng salitang "kalmen" na isinasabit sa damit bilang panlaban sa masamang espiritu.**

# DEPED, DOH SIGN JOINT CIRCULAR...

(from p. 1)

health experts, local government units (LGUs) and learners' families.

The pilot implementation, a combination of physical classes and distance learning, is applicable for the schools that passed the two departments' strict vetting process and have the support of their respective LGUs, Briones said.

DepEd Director for Planning Service Roger Masapol said the pilot implementation would be done among a maximum of 120 schools across the country, prioritizing Key Stage 1 learners (Kinder to Grade 3), after passing the School Readiness Assessment by DepEd and their local governments.

"Face-to-face classes, even in limited form, can mitigate the challenges of distance learning. It can address the needs of learners with no adult in the family qualified to perform the role of learning facilitator and ease the negative mental health and child development impact of the lack of face-to-face interaction and socialization among learners," Masapol said.

Briones noted that the guidelines implement the Prevent, Detect, Isolate, Treat, and Reintegrate framework highlighting the importance of the availability of water, sanitation and hygiene facilities, proper ventilation in classrooms, ensuring that classroom layouts enable physical distancing between persons, prioritization of students who will benefit most from limited face-to-face learning modality, management of foot traffic and conduct of simulation activities before implementation of the pilot.

"DepEd also drafted a contingency plan with recommended actions for different scenarios. The scenarios range from where there is a suspected case presenting symptoms, to a scenario where there is a resurgence of Covid-19 cases in multiple barangays and this sets the policy on when schools should impose a lockdown," Briones said.

Meantime, Health Secretary Francisco Duque III said the department committed to providing additional protection for the teachers through vaccination.

"While vaccination is not mandatory, classroom learning will be limited to vaccinated teaching personnel. So as not to disenfranchise unvaccinated teachers, they may teach using distance or online modules. This also presents options for parents who are still hesitant to send their children to school," he added.

World Health Organization Representative to the Philippines Dr. Rabindra Abeyasinghe lauded the Philippine government's decision to approve the pilot run of limited in-person schooling in low-risk areas and assured that it would continue to support the government in the pilot implementation of in-person classes.

"Deciding to open schools must be guided by risk-based approach, taking into consideration the epidemiology of Covid-19 transmission at the local level and the capacity of educational systems to adapt to operate safely," Abeyasinghe said. (PNA)

# IKA-APAT NA FARM BUSINESS SCHOOL SA CAVITE, INILUSAD NG DAR



Upang mabigyan ng patuloy na suporta ang mga lokal na magsasaka sa Cavite, inilunsad ng Department of Agrarian Reform (DAR) ang ika-apat (4) na Farm Business School (FBS) kamakailan.

Sa tulong ng proyekto, inaasahang matutulungan ang mga magsasaka na "maging negosyanteng-magsasaka at mapalakas ang kanilang kakayahan sa pagnenegosyo".

Sinabi ni DAR Cavite Provincial Agrarian Reform Program Officer II James Arthur T. Dubongco na matagumpay na isinagawa ang paglagda ng Memorandum of Agreement (MOA) sa pagitan ng DAR, local government unit (LGU) ng Dasmarinas City, Barangay LGU at United Caragao Farmers Incorporated (UCFI) sa kani-kanilang opisina.

"Nais namin gawing kumikita ang kanilang mga sakahan at maunawaan nila ang pagnenegosyo upang matugunan nila ang mga hamon sa pagmemerkado," aniya.

Samantala, nagpaabot rin siya ng pasasalamat sa lokal na pamahalaan ng Dasmarinas para sa suporta sa proyekto.

Ipinaliwanag naman ni United Caragao Farmers Incorporated (UCFI) Chairman Enrique Paras na makapagbibigay ng karagdagang kaalaman sa pagsasaka

(cont. P.2)




*Ginanap ang kauna-unahang Tourism Summit sa bayan ng Carmona sa pangunguna ng Municipal Information, Tourism, Culture and Arts Office (MITCAO). Ang aktibidad na ito ay pakikiisa ng Lokal na Pamahalaan sa pagdiriwang ng World Tourism Day na may temang "Tourism for Inclusive Growth".*

*Bahagi ng programa ay ang Tourism Recovery and Planning webinar mula sa Department of Tourism at ang paggawad ng parangal sa dalawang Outstanding Tourism Enterprises sa Carmona na nagpamalas ng malasakit sa kapwa at komunidad ngayong pandemya. Maraming salamat sa 432 na kalahok mula sa hanay ng tourism enterprises, government agencies, universities, at iba pang organisasyon na nakiisa at naging bahagi upang maging matagumpay ang aktibidad na ito.*

# MGA PANUNTUNAN SA ISASAGAWANG FACE-TO-FACE CLASES, INILABAS NA



Inilabas na ng Department of Education at Department of Health ang mga operational guidelines tungkol sa implementasyon ng limitadong face-to-face classes sa bansa,

Batay sa panuntunan, hindi dapat umano lalagpas sa 3 oras ang klase para sa mga Kindergarten habang 4.5 oras naman para sa mga nasa una hanggang ikatlong baitang at mga Senior High School.

Mahigpit ding ipatutupad ang social distancing at kinakailangan 'fully vaccinated' na ang mga gurong magtuturo sa mga mag-aaral.


Limitado lamang sa 12 estudyante ng Kindergarten ang papayagan sa loob ng silid-aralan, 16 para sa mga batang nasa una hanggang ikatlong baitang.

Samantala, 20 naman ang kataasang bilang ng mga mag-aaral na nasa Senior High School.

Hindi na rin papayagan ang mga pangkatang gawain kung saan maaaring magkaroon ng direct contact ang mga mag-aaral.

Tinatayang tatagal ng 2 buwan ang implementasyon ng pilot face-to-face classes kung saan magiging salitan ang pagpasok ng mga bata; tig-isang linggo para sa face-to-face learning at distance learning.

Kinakailangan ding may pahintulot ng mga magulang ang paglahok ng mga bata sa nasabing face-to-face classes.



ONWARD
FORWARD
GEN. TRIAS CITY

MAYOR ONY FERRER




*Mga mahal kong Naicqueño,pinulong ni Mayor Junio Dualan ang mga kawani ng ating Local Task Force partikular ang mga taga-Rural Health Unit at Naic Police. Isa sa mga tinalakay natin ang ating pagpaplano para sa Mega Vaccination sa ating bayan. Kasama natin sina Municipal Health Officer OIC Dr. Ma. Carolina Matel, Incoming Municipal Health Officer Dra. Josefa Marissa Nazareno, Deputy Chief Officer Police PLT. Allan M. Antang, Municipal Executive Senior Police Officer PCMS Radino T. Unawa, at Pat. Ilona Jeane dela Cruz. Hangad natin na lahat ng Naicqueño ay mabakunahan na kontra COVID-19 upang makamit natin ang Herd Immunity.*

# HIGIT 1.8M SA LALAWIGAN, NABIGYAN NG BAKUNA- PICAD CAVITE

Nasa 1,822,899 residente na sa lalawigan ng Cavite ang nabakunahan kontra COVID-19 hanggang nitong Martes, Setyembre 21, ayon sa pahina sa Facebook ng Provincial Information and Communication Affairs Department (PICAD Cavite).

Sa naturang bilang, hindi bababa sa 609,470 mga residente ang kumpleto na sa proteksyon o fully vaccinated habang 1,213,429 naman ang naghihintay ng kanilang ikalawang dosis, batay pa rin sa ahensya.

Pinangunahan ng mga frontliner ng ekonomiya ang listahan ng mga fully vaccinate na nasa 257,298. Sinundan ito ng mga senior citizen na nasa 147,156 ang kumpleto sa bakuna, at mga taong may comorbidities na nasa 146,912.

Kinakailangan ng Cavite na mabakunahan ang nasa 3,041,380 mula sa 4,344,829 na populasyon nito, batay sa 2020 census, upang makamit ang herd immunity.

## EDITORIAL

Lahat ng mga bansang maunlad ay may mga mamamayang may taglay na edukasyon na kalimitan ay tapos ng high school at may mataas ding porsiyento na tapos sa kolehiyo. Tayo sana ay nasa ganito nang kalagayan nguni't ang populasyon natin ay napakalaki kung ikukumpara sa maliit nating kalupaan. Ang ating impok ay di gaanong mataas na bahagdan kaya ang lokal na puhunan na makukuha sa bangko ay maliit.

Kailangang patibayin natin ang ating edukasyon at ang ugali sa pag-iimpok kung nais nating makasunod tayo sa ibang mga bansang umuunlad.

# DTI-Laguna... (from p. 1)

DTI officials. Through Barangay Development Councils (BDCs), the DTI shall help capacitate Barangay personnel to provide basic business advisory or information dissemination services to MSMEs in the locality.

The beneficiaries of the said program may include sole proprietors, cooperatives, or sectoral associations that are located in identified barangays, including those in Local Communist Armed Conflict (LCAC) affected areas and vulnerable communities such as the Indigenous Peoples (IPs), refugees or stateless persons also known as Persons of Concern (POCs . Priority assistance shall be given to MSMEs affected by natural and human-induced calamities including health disasters arising from epidemics and pandemics. (NEValenciano, DTI-Laguna)

# CAVITE HIGHLIGHTS



By:
Yna Palparan Bautista

**Julian Felipe was a revolutionist who did not carry a gun. He was once a Filipino musician in HongKong and Aguinaldo was so impressed with his work that he asked Julian to compose the music to be played during the Proclamation of Independence on June 12,1898. He was arrested previously in connection with an uprising which involved also the 13 Martyrs. He was not shot but he suffered from torture in Fort Santiago. He died in Manila in 1941 but his body was buried in his native town of San Roque, Cavite.**

HUMANITY NEWS
TOWARDS THE FRIENDSHIP OF CITIZENRY
VOL.V NO. 44

# DOST-CALABARZON encourages VCO and lagundi as adjunct therapies for COVID-19, informs how to manage mild COVID-19 cases at home on its pre-RSTW webinar








DOST-CALABARZON conducted a Webinar on "Managing Mild COVID-19 Cases At Home" and "Use of Virgin Coconut Oil and Lagundi as Adjuvant Therapies" last September 24, as part of its celebration of the 2021 Regional Science and Technology Week (RSTW). Almost 400 participants attended this activity via Zoom and Facebook Live.

Engr. Francisco R. Barquilla III, OIC-Assistant Regional Director for Technical Operations, welcomed the participants and emphasized how this topic is significant today. "This is timely and relevant as we continue to be challenged by the surge of the highly infectious and emerging variants of COVID-19 virus," he said.

Three speakers were invited to discuss managing mild COVID-19 cases at home and the use of virgin coconut oil and lagundi as adjuvant therapies, namely: Dr. Alfonso R. Regala, Chief, Program Implementation and Outreach Division, Health Promotion Bureau, Department of Health; Dr. Imelda Angeles-Agdeppa, Director, DOST-Food and Nutrition Research Institute; and Dr. Cecilia C. Marambe-Lazarte, Director, Institute of Herbal Medicine, UP Manila – National Institute of Health.

Dr. Regala discussed how isolation and quarantine works when managing mild COVID-19 cases at home as well as the importance of becoming agents of "tamangimpormasyon" by validating information through DOH website and reporting fake news to them. Meanwhile,Dr. Agdeppa and Dr. Lazarte presented the results of their studies on VCO and lagundi on mild COVID-19 cases, respectively. While the VCO mixed in the meals has helped to significantly reduce the symptoms of mild COVID-19 patients, the lagundi formulation study showed an insignificant difference to the recovery time of the study participants as compared to those who were not given with lagundi. Nevertheless, adjuvant therapies offer ways to ease mild symptoms of COVID-19 and build stronger immune responses but it is not the cure itself. Like vaccines, adjuvant therapies do not guarantee 100% protection from contracting the virus.

DOST-CALABARZON OIC-Regional Director Emelita P. Bagsit expressed her gratitude and hoped that they were more informed through the webinar, "Napakaimportante po nitodahil this will be our contribution bilangmga Pilipino namatulunganyungating whole nation or whole of government approach in addressing this pandemic."




Christmas is just around the corner, and in SM City Santa Rosa, its around the mall's premises. See their interactive, Instagram-worthy exhibit that features several art installationthat's all about uplifting mood of the mall goers for the upcoming holidays. Visit the first ever drive by art exhibit in partnership with Bosyen Paints Philippines and SM featuring the home grown artists of Laguna. ccto SM City Santa Rosa Page.**(NINA WONG)**

## HUMANITY TRIVIA



ENGR. VIR CAMPAÑA BAUTISTA
(TWIN BROTHER OF VER)

**(IT TELLS THE DATES OF INVENTION, PLACES OF PLANT ORIGIN AND CURES OF DISEASE)**

Diving suit - 1825
Electromagnet - 1828
Acacia - Africa, South America
Kapok - tropics
Langka - asthma

REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
FOURTH JUDICIAL REGION
REGIONAL TRIAL COURT
OFFICE OF THE CLERK OF COURT
TRECE MARTIRES CITY

BDO UNIBANK, INC.,
*Mortgagee,*

Foreclosure Case No. F-046-21

-versus-

MYRNA TRESVALLES TORRENTE, AS REPRESENTED BY HER ATTORNEY-IN-FACT, WILFREDO TRESVALLES TORRENTE,
Mortgagors.
x--------------------------------------x

**NOTICE OF EXTRA-JUDICIAL SALE**

Upon Extra-Judicial Petition for Sale under Act 3135, as amended by Act 4118, filed by Mortgagee, **BDO UNIBANK, INC.,** with business address at BDO Corporate Center, 7899 Makati Avenue, Makati City against the Mortgagors, **WILFREDO TRESVALLES TORRENTE, AS ATTORNEY-IN-FACT OF MYRNA TRESVALLES TORRENTE,** with residence and postal addresses at (1) No. 141 September Street, Sun Valley, Brgy. 195, District 1 MIA, Malibay, Pasay City; and (2) Lot 9, Blk2, Manchester 3,Brgy. Navarro, Gen. Trias, Cavite, to satisfy the mortgage indebtedness as of 17 May 2021, amounts to **FOUR MILLION FOUR HUNDRED FIFTY ONE THOUSAND SIX HUNDRED SEVENTY NINE PESOS AND 52/100 (Php4,451,679.52)**. Philippine Currency, including interest, penalties, and other charges as of said date but exclusive of all the other expenses incidental to this foreclosure and sale, the undersigned Sheriff will sell at public auction on **NOV 25, 2021** at 10:00 o' clock in the morning at the main entrance of the Government Center Bldg. located at the Provincial Capitol Compound, Trece Martires City, to the highest bidder of CASH and in Philippine Currency, the following described property with all the improvements thereon, to wit:

**TRANSFER CERTIFICATION OF TITLE No. 057-2016064365**

**LOT NO. 9** **BLOCK NO:2** **PLAN NO:** PSD-04-228261
**PORTION OF:** BLOCK 12, PCS-04-028064 DECREED NO. 4270, LRC REC. NO. 5964
**LOCATION:** BARANGAY OF NAVARRO, MUNICIPALITY OF GEN. TRIAS, PROVINCE OF CAVITE, ISLAND OF LUZON
**BOUNDARIES:**

| LINE | DIRECTION | ADJOINING LOT(S) |
|---|---|---|
| 1-2 | NW | ROAD LOT 5, PSD-04-228261 |
| 2-3 | NE | LOT 7, BLOCK 2, PSD-04-228261 |
| 3-4 | SE | LOT 17, BLOCK 2, PSD-04-228261 |
| 4-1 | SW | LOT11, BLOCK 2, PSD-04-228261 |

**AREA: ONE HUNDRED TWENTY SQUARE METERS (120), MORE OR LESS**

All sealed bids must be submitted to the undersigned on the above-stated time anddate.

In the event the public auction should not take place on the said date and time, it shall be held on **DEC 16, 2021** without further notice.

Prospective bidders/buyers are hereby enjoined to investigate for themselves the title to the said property and encumbrances thereon, if any there be.

Trece Martires City, **SEP 14, 2021.**

**(Sgd.) REYNALDO L. SALOMA**
Sheriff IV

Copy Furnished:

**BDO UNIBANK, INC.,**
**RISK MANAGEMENT GROUP-REMEDIAL MANAGEMENT UNIT**
11th FLOOR, BDO South Tower, BDO Corporate Tower
7899 Makati, Avenue, Makati City 0726

**MYRNA TRESVALLES TORRENTE, REPRESENTED BY HER ATTORNEY-IN-FACT, WILFREDO TRESVALLES TORRENTE**
(1)No.141 September Street, Sun Valley, Brgy. 195, District 1 MIA, Malibay, Pasay City
(2)Lot 9, Blk 2, Manchester 3, Brgy. Navarro, Gen. Trias, Cavite

**WARNING:** IT IS ABSOLUTELY PROHIBITED TO REMOVED, DEFACE, OR DESTROY THIS NOTICE OF EXTRA-JUDICIAL SALE ON OR BEFORE THE DATE OF SALE

**HUMANITY NEWS**
**SEPTEMBER 20,27, OCTOBER 4, 2021**

# DRIVE-THRU VACCINATION SA MGA PUV TRYSIKEL DRAYBER INILUNSAD SA KAWIT

Naglunsad ang lokal na pamahalaan ng Kawit ng drive-thru coronavirus disease (COVID-19) testing center para sa mga drayber ng traysikel at public utility vehicle (PUV) sa munisipyo ng bayan, Setyembre 28.

Sa isang post sa Facebook, sinabi ni Mayor Angelo G. Aguinaldo na nilalayon ng Malasakit COVID-19 Testing Drive-Thru Express na subaybayan ang kalusugan ng mga tsuper na nakikipag-ugnayan sa maraming mga pasahero araw-araw.

Magtatakda rin ang LGU ng mga iskedyul ng pagsusuri sa para sa iba pang mga frontliner, kabilang ang mga manggagawa sa pangangalaga ng kalusugan, guro, at mga manininda.

Hinihikayat ang mga frontliner na magparehistro online upang makakuha ng kanilang iskedyul. Tumatanggap ang center ng 500 katao bawat araw.

# Health Benefits...

## Kaalaman tungkol sa Guyabano bilang halamang gamot

Ang guyabano ay kilala dahil sa bunga nitong masabaw at paboritong kainin ng mga Pilipino. Ito ay may balat na kulay berde at may tusoktusok, habang ang laman naman nito ay maputi at masabaw. Ang puno ay may katamtaman lamang na laki at ang dahon ay makinis. Tumutubo ito sa maraming lugar sa mundo partikular sa Timog Amerika at Timog Silangang Asya kabilang na ang Pilipinas.



***Scientific name: Annona muricata Linn.; Annona bonplandiana Kunth; Guanabanus muricatus M. Gomez***
***Common name: Guyabano (Tagalaog); Soursop, Prickly custard apple (Ingles)***

**Ano ang mga sustansya at kemikal na maaaring makuha sa Guyabano?**

Ang iba't ibang bahagi ng halamang guyabano ay maaaring makuhanan ng maraming uri ng kemikal at sustansya na maaaring may benepisyo sa kalusugan:

Ang mga pangunahing substansya na taglay ng guyabano ay tannins, steroids and cardiac glycosides

Ang dahon ay makukuhanan ng langis; myricyl alcohol, sitosterol, at fatty acids gaya ng oleic, linoleic, at stearic acids. Mayroon din itong lignoceric acid at anolol

Ang bunga ay may saccharose, dextrose, at levulose

Ang balat ng kahoy ay mayroong acetogenin, solamin at triterpenoids, stigmasterol at sitosterol

ang buto ay may taglay na lactones, annomonicina, annomontacina, annonacina, annomuricatina, annonacinona, javoricina

Ang katas at laman ng bunga ay mayroon pang carbohydrate, fiber, retinol, ascorbic acid, flavonoids, at tannin

**Anong bahagi ng halaman ang ginagamit bilang gamot, at paano ginagamit ang mga ito?**

Maaaring gamitin bilang gamot ang ilang bahagi ng halaman tulad ng:

**Dahon.** Ang dahon ay kadalasang pinapakuluan at pinapainom sa maysakit. Maaari din itong dikdikin at ipantapal sa ilang kondisyon sa katawan.

**Bulaklak.** Maaaring ilaga ang bulaklak at ipainom sa taong may sakit.

**Bunga.** Ang hilaw na bunga ay karaniwang kinakatasan upang gamitin bilang gamot. Ang sabaw naman ng hinog na bunga ay mabisa rin sa ilang mga kondisyon. Maaari ding gamitin ang laman ng guyabano bilang pantapal sa ilang mga kondisyon sa katawan.

**Ano ang mga sakit na maaaring magamot ng Guyabano?**

1. **Pagtatae**. Ang hilaw na bunga ng guyabano ay maaaring gamitin para sa kondisyon ng pagtatae. Maaari din gamitin ang katas ng hinog na bunga ng guyabano.
2. **Lisa at kuto.** Ang paghuhugas sa ulo na apektado ng lisa at kuto gamit ang pinaglagaaan ng dahon ng guyabano. Mabisa rin ang paggamit sa pinulbos na buto ng guyabano.
3. **Pamamanas ng paa.** Maaaring ipantapal o ipang hugas ang pinaglagaan ng dahon upang mapahupa ang pamamaga ng paa.
4. **Eczema.** Ang implamasyon sa balat ay maaari ding mapahupa sa tulong ng pagtatapal ng dinikdik na dahon ng guyabano.
5. **Rayuma**. Mabisa para sa pananakit ng mga kasukasuan ang pagpapahid ng langis mula sa dahon ng guyabano at hilaw na bunga nito.
6. **Diabetes.** Makatutulong para sa sakit na diabetes ang pinaglagaan ng ugat, balat ng kahoy at dahon ng guyabano.
7. **Kanser**. May ilang pag-aaral na isinagawa na nagpapatunay na mabisa ang katas ng bunga ng guyabano, pati na ang pinaglagaan sa pagpigil ng pagkalat ng cancer cells sa katawan.
8. **Sipon**. Ang matinding pagtulo ng sipon ay maari namang malunasan ng pag-inom sa pinaglagaan ng dahon ng guyabano. Maari din gamitin ang bulaklak para sa kaparehong epekto.

Main Office: 667 Bayan Luma 5 Imus City, Cavite
Contact Number: 09497849109/09127800960
E-mail Address:
humanitynews@yahoo.com

HUMANITY NEWS
TOWARDS THE FRIENDSHIP OF CITIZENRY

Annex Office: 24 Sayas St. Sabutan, Silang, Cavite

VOL.V NO. 44




*The Bacoor City COMELEC conducted Satellite Registration of Persons Deprived of Liberty (PDLs). 664 male PDLs were able to register as new registered voters.The registration procedures were done inside the Bacoor City Jail Male Dormitory. The activity was made possible thru the initiative of J/SUPT KAYE G DEL ROSARIO and efforts of the entire BCJ-MD personnel.*




*12 Oxygen Tanks at regulators ang na-turnover ng Pamahalaang Lungsod ng General Trias sa Lancaster Estates Homeowners Association, upang magamit ng mga residenteng nangangailangan ng oxygen supplementation. Bahagi ito ng patuloy na COVID-19 response ng LGU. Pinangasiwaan ang nasabing proyekto ni Mayor Ony Ferrer, katuwang sina Cong. Jon-Jon Ferrer, Vice-Mayor Morit Sison at SP Committee on Health Chairperson Coun. Kristine Perdito - Barison.*

# CAMPAIGN NG IMUS, NADAGDAGAN NG ISA PANG VACCINATION CENTER




Nagbukas na ang panibagong vaccination site ng #BidaAngMay-Bakuna campaign na nakalagak sa 4th Floor ng Robinsons Place Imus.

Sa unang araw rin nito ay tinutukan ng kampanya ang pagbabakuna ng mga kabilang sa A4 o mga economic frontliners.

Ayon kay Mayor Emmanuel Maliksi, ito ay bahagi ng mga inisyatibo para sa ligtas na pagbawi ng lokal na ekonomiya ng lungsod. Aniya, "napakahalagang protektado mula sa sakit ang mga nagtatrabaho at halos araw-araw ay exposed sa COVID-19."


Ang vaccination center sa Robinsons Place Imus ay isa pang karagdagang paraan para makapagpabakuna sa lungsod, at inaasahang mas magpaparami pa sa daily jabs ng lungsod, na siya ring isa sa mga nangunguna sa lalawigan ng Cavite.




*Nasa senado muli si Cong Jon-Jon Ferrer para sa pagdinig ng Commission on Appointments.*

*Kasama po natin sa senado sila Sen. Ping Lacson, Sen. Koko Pimentel at Senate President Tito Sotto.*

*Pinangunahan po natin bilang Chairman ng Committee on National Defense ang pagdinig at pag-apruba ng promosyon ng 32 General/Flag at Senior Officers ng Armed Forces of the Philippines. Inaprubahan din po ng komisyon ang appointment ni Justice Jose C. Mendoza bilang miyembro ng Judicial and Bar Council at ang promsyon ng 19 opisyal ng Department of Foreign Affairs.*




See us at General Juan Castañeda street near the Imus Plaza

## DO YOU KNOW ?

*During the Second World War, soldiers who lacked antibiotics licked their wounds to hasten the healing.*

**(Shared by Fellowship with Humanity)**

FELLOWSHIP WITH HUMANITY

Province of Cavite

**PRESIDENT: AURELIO PAREDES BAUTISTA**

**Fellowship with Humanity is a Family-Based Masonic Charity Group registered in Cavite to help in a small way alleviate the conditions of the poor. The funds come from the family income of the Bautista Family members.**